

PRESS RELEASE

BABYLONE

IPALALABAS NG EKSIBISYONG BABYLONE ANG MGA ARTIST NA NAKIKITUNGO SA PANANALITA, isang pundamental na hindi maliwanag na katangian ng anumang wika, isang permanenteng hindi pagkakaunawaan na nagbabanta sa lahat ng palitan at pagsasaling-wika, isang pagkakaroon ng maraming konsepto na nilalaman ng isang salita mula sa isang wika papunta sa iba. Ang maramihan, banyaga at minsan ay nakalimutan nang wika ay ang usapin ng pag-aaral ng eksibisyong ito, na nais isiwalat ang hirap at hindi-normatibong aspeto ng mga wika. Sinusuportahan ng eksibisyong *Babylone* ang mga artist na lililok ng mga hugis para sa mga salita at mga salita para sa mga hugis. Ang mga nawalang alpabeto, esensiyal na neolohismo o “presentasyon ng mga presentasyon” ay tutulak sa atin mula sa maling pagbigkas ng l sa r hanggang sa hindi malulutas na panloob na kontradiksiyon, sa pamamagitan ng pagsasalamin sa determinasyong mga wika.

Naaapektuhan tayo ng wika dahil ito ang bintana natin sa mundo. Ito ay naipadala at palipat na uri nito, transpormasyon ng mundo na nagsasalamin at nagpapaliwanag, ngunit pinagkakanulo rin ito. Ang katutubong wika ay tapat na humuhugis sa ating pananaw. Ang preformative na wika ay bumubuo ng pagkilos kung kailan ang *sasabihin* ay nangangahulugang *gagawin*. Ang poetikong wika ay diwa ng literatura, wika ito na nagdidili-dili sa sarili nito bilang estetikong entidad. Ang mga orihinal na wika at ang pagsasalita at pagsusulat sa kanila ay mga ritwal na kasanayang babad sa mga misteryo at katha-katha mula sa panahon galing sa isipan.

Salita man o grapiko, ang mga wika ng mga senyales o ng mga pigura, artisipyal o natural, buhay o patay, opisyal o nakakodigo – ang mga wika ay marami bagaman ang bilang nila at ang pagkakaiba-iba ay nakakabawas sa epekto ng globalisasyon. Subalit, ang unawaan ng bawat isa ay hindi dapat iisa lang ang kahulugan, may kapwa pahintulot o normatibo. Salungat dito, dapat itong magbahagi ng pagkakaroon ng marawing diwa. Dahil ang “mga limitasyon ng aking mundo” (Ludwig Wittgenstein) ay nasa wika ko, para maabot sila ay nangangahulugan na bigyang kahulugan upang matutunan ang mga ibang posibleng mundo. Nangangahulugan din ito na bigyang kahulugan na “pagpapagpag sa mga mahahalagang konsepto ng ating kultura at bilang nangunguna, ay nagdudulot ng ideya ng “pagiging tunay” ” (Roland Barthes). Dahil hindi natin naaabot ang mga bagay *kung paano sila*, ang pamumuhay ba sa wika ay nangangahulugan na pamumuhay sa mundo bilang proxy? O nangangahulugan ba itong mangarap, baguhin at likhain ito tulad ng mungkahi ng mga artist?

Mga Artist

Camille Bondon

Erik Bullot

Valery Chtak

Dora García

Valère Novarina

Charles Pennequin

Dominique Petitgand

Mladen Stilinović

Curator

Nicolas Audureau

Babylone

Pebrero 04 – Marso 25, 2017

Pagbubukas

Biyernes, Pebrero 03, 2017 – 7pm

Access

Libreng admission

Martes hanggang Sabado: 2-6pm